Mapagkukunan ng impormasyon para sa mga manggagawa ng international agri-food

Alamin ang mga mapagkukunan impormasyon para sa mga internasyonal na manggagawa sa agri-food, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga programa, iyong mga karapatan, kaligtasan at higit pa.

1. Bago ka pumunta sa Ontario
2. Pagdating mo sa Ontario
3. Ang iyong mga karapatan at kaligtasan sa lugar ng trabaho
4. Pag-access sa health care
5. Pag-aadjust sa buhay sa Ontario
6. Paghahanap ng suporta
7. Bago ka umalis sa Ontario

Bago ka pumunta sa Ontario

Pagtatrabaho sa sektor ng agri-food sa Ontario

Kailangan mo ng work permit mula sa Gobyerno ng Canada para pansamantalang makapagtrabaho sa sektor ng agri-food ng Ontario.

Matuto nang higit pa tungkol sa pansamantalang pagtatrabaho sa Canada:

- para sa mga manggagawa sa agrikultura
- para sa lahat ng iba pang manggagawa

Kailangan mong mag-apply para sa work permit mula sa iyong bansang pinagmulan bago pumunta sa Canada.

Alamin ang iyong mga karapatan

Alamin ang iyong mga karapatan habang naninirahan at nagtatrabaho sa Canada at kung saan makakakuha ng tulong kung kinakailangan.

Ang *Employment Protection for Foreign Nationals Act, 2009* (EPFNA) ay naaangkop sa iyo kung ikaw ay nagtatrabaho (o naghahanap ng trabaho) sa Ontario sa ilalim ng mga programa ng imigrasyon o Temporary Foreign Worker (tulad ng Temporary Foreign Worker Program).

Sa ilalim ng EPFNA, ang mga employer at recruiter **ay hindi**:

- kunin ang iyong ari-arian (tulad ng pasaporte o permit sa trabaho)
- maningil ng mga bayarin o mabawi ang mga gastos mula sa iyo na may kaugnayan sa pagiging empleyado
- takutin o parusahan ka dahil sa pagtatanong o paggigiit ng iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA

Maaari ka ring magkaroon ng mga karapatan sa ilalim ng *Employment Standards Act, 2000* (ESA) na sumasaklaw sa mga pamantayan sa trabaho tulad ng minimum na sahod at mga limitasyon sa mga oras ng trabaho.

Inaatasan ng EPFNA ang mga employer at recruiter na magbigay sa iyo ng 2 mga information sheet. Ipinapaliwanag ng mga information sheet na ito ang mga minimum na karapatan at obligasyon na itinatag sa ilalim ng ESA at EPFNA.

Matuto nang higit pa tungkol sa mga karapatan at obligasyon na itinatag sa ilalim ng EPFNA o makipag-ugnayan sa Employment Standards Information Centre sa 1-416-326-7160 o 1-800-531-5551.

Mag-ingat sa mga panloloko sa mga recruitment scams

Ilegal para sa mga recruiter o employer na humingi ng bayad para garantiyahan ang isang trabaho sa Ontario.

Ang mga babalang senyales na ang isang alok ng trabaho ay maaaring isang scam ay kinabibilangan ng:

- pagmamadali sa pagpirma ng mga dokumento o pagkumpleto ng mga hakbang

- humiling ng paunang bayad o direktang bayad sa isang indibidwal, tulad ng pagbili ng mga gift card
- mga sahod o mga bonus sa pagpirma na tila mas mataas kaysa sa inaasahan o hindi makatotohanan
- mga pagkakamali sa pagbabaybay at gramatika sa mga job offers o sulat
- mga email mula sa isang personal o generic na domain (halimbawa, Gmail o Yahoo)
- humihingi ang recruiter ng mga password, impormasyon sa iyong bangko o iba pang personal na impormasyon na hindi nauugnay sa trabaho
- hindi sapat ang ibinigay na detalye o malabo ang deskripsyon ng trabaho
- mga pangako ng citizenship, permanent residency o mabilis na pagsubaybay sa mga papeles ng citizenship

Matuto nang higit pa tungkol sa kung paano matukoy ang isang scam o panloloko at mga scam sa trabaho at employment.

Checklist bago ang pag-alis

Pagdadala ng mga gamit

Sumangguni sa iyong airline para sa mga paghihigpit sa carry-on at checked baggage. Kung gusto mong magdala ng mga bagay, tulad ng mga gamot na may reseta, kumpirmahin kung ano ang pinaghihigpitan o ipinagbabawal at kung anong mga health products para sa personal na paggamit ang maaaring dalhin sa Canada.

Kung mayroon kang International Driver's Permit, dalhin mo iyon kung balak mong magmaneho sa Ontario.

Matuto nang higit pa tungkol sa kung ano ang maaari mong dalhin sa Canada pagdating mo sa paliparan.

Mga mahahalagang dokumento para sa border

Hihingin sa iyo na ipakita ang mga sumusunod na dokumento sa mga opisyal ng Canada Border Services Agency (CBSA) sa port of entry ng Canada (halimbawa, Toronto Pearson International Airport):

- ang iyong employment offer mula sa employer
- kopya ng positive labor market impact assessment (LMIA)
- travel arrangements gaya ng mga ticket sa eroplano o boarding pass
- isang balidong pasaporte
    - Sumangguni sa passport office or visa application centre ng iyong bansang pinagmulan para sa mga kinakailangan sa travel tulad ng biometrics (halimbawa, mga fingerprint o larawan), pasaporte o iba pang mga kinakailangan sa visa
- Kung ikaw ay tinanggap sa pamamagitan ng ibang paraan maliban sa Seasonal Agricultural Worker Program (SAWP) ng Temporary Foreign Worker Program, maaaring hingin sa iyo ang Port of Entry Letter of Introduction mula sa Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC) na ipapadala kapag nag-apply ka para sa work permit online.

Alamin kung kailangan mo ng medikal na eksaminasyon.

Matuto nang higit pa tungkol sa kung ano ang aasahan pagdating mo sa Canada.

Translation support at settlement services

Kung kakailanganin mo ng suporta sa pagsasalin o interpretasyon pagdating mo sa Ontario, sumangguni sa listahan ng mga organisasyong sumusuporta na aktibo sa iba't ibang rehiyon at komunidad sa buong Ontario na maaaring magbigay ng tulong.

Matuto nang higit pa tungkol sa Settlement services sa Ontario at kung paano makakuha ng tulong sa training at pagsasalin ng wika, at kung saan makakahanap ng mahahalagang serbisyo sa rehiyon ng iyong lokasyon ng trabaho.

Maghanda para sa lagay ng panahon sa Ontario

Disyembre hanggang Marso (taglamig)

Ang temperatura sa taglamig ay maaaring mula +5°C hanggang -25°C.

Maaaring magastos ang mga damit pangtaglamig, ngunit kakailanganin mo ang:

- isang dyaket na angkop para sa taglamig
- warm na damit tulad ng mga sweater o mga layer ng lana
- isang scarf

- warm na sumbrero
- gloves
- makapal na medyas
- insulated winter boots na hindi tinatablan ng tubig o water resistant at na-rate para sa mga icy surfaces

Matuto nang higit pa tungkol sa pagtatrabaho sa malamig na panahon at paghahanda para sa mga taglamig sa Canada.

Abril hanggang Mayo (tagsibol) at Oktubre hanggang Nobyembre (taglagas)

Ang temperatura ng tagsibol at taglagas ay maaaring mula +10°C hanggang -10°C.

Kakailanganin mo:

- isang mainit na dyaket na hindi tinatablan ng tubig/ulan
- mga patong ng mainit na damit
- isang scarf
- isang sumbrero
- gloves

Kung nagtatrabaho ka sa labas sa mga buwang ito, iminumungkahi rin ang pagsusuot ng mga botang hindi tinatablan ng tubig at mainit na medyas.

Hunyo hanggang Setyembre (tag-init)

Asahan ang katamtamang mainit na panahon hanggang sa posibleng matinding init sa mga buwan ng tag-init.

Karaniwang nasa pagitan ang temperatura ng +15°C at +29°C na may posibleng matinding init sa mga araw na higit sa +30°C at mas mataas na panganib ng mga sakit na may kaugnayan sa mainit na panahon.

Matuto nang higit pa tungkol sa mga palatandaan ng heat stress at kung paano maging ligtas sa matinding init.

Paggamit ng data o mga phone plans sa Ontario

May libreng wi-fi na magagamit sa Toronto Pearson International Airport pagdating mo sa Ontario. Ang ilang lokasyon at negosyo sa Ontario ay nag-aalok din ng libreng wi-fi habang nasa kanilang lokasyon.

I-consider ang paggamit ng mobile plan na inaalok sa iyong bansang pinagmulan kung sinusuportahan ito ng isang Canadian cellular carrier. Makipag-ugnayan sa iyong mobile plan provider para sa karagdagang detalye.

Simula Hulyo 31, 2025, **hindi na magagamit ang mga 3G network sa Canada** at makakaapekto ito sa mga gumagamit ng mga lumang modelo ng cellular phone. Matuto nang higit pa tungkol sa kung aling mga cellular network ang maaari mong gamitin sa Canada.

Maaari ring maging opsyon ang isang international pay-as-you-go SIM card (pisikal o digital) at maaaring dagdagan ng bayad para sa data o minuto kung kinakailangan. Mabibili ang mga SIM card na ito:

- online
- sa mga paliparan
- mula sa cell phone provider sa Canada

Maaaring gamitin ang mga mobile messaging app para sa komunikasyon habang nasa ibang bansa. Gayunpaman, maaaring hindi ka makatawag sa mga numerong pang-emergency o mga toll-free na numero (mga numerong nagsisimula sa 1-800 o 1-866) sa loob ng Canada gamit ang isang libreng mobile messaging app (tulad ng WhatsApp).